

Halimbawa ng mga pangyayari kung saan maaaring makatulong ang ACCESS JUSTICE

Ang isang ina ay nahihirapang makakuha ng child maintenance sa dati niyang asawa at ama ng kaniyang anak. *(Resulta: ang ama ay pagbabayaran ng karampatang child support para sa kaniyang anak ayon sa "guidelines".)*

Isang kabataan ang nademanda ng assault. *(Resulta: ang kaso ay magiging "diverted" na kaso kaya hindi magkakaroon ng rekord na kriminal ang kabataan.)*

Isang senior citizen ang nababahala na siya ay mawawalan ng kontrol sa kaniyang pansariling kabuhayan at kaganapan kung siya ay mawawalan ng kakayahang pansarili. *(Resulta: ang senior citizen ay papipirmahin ng "representation agreement".)*

Isang mag-asawang senior citizens ang nagbayad ng kanilang naimpok sa isang leaky condo. *(Resulta: ang kontratista ng leaky condo ay pagbabayaran ng danyos o halaga ng pagpapagawa ng leaky condo.)*

Nais ng isang kliyente na magsimula ng isang maliit na negosyo at iwasan ang panganib ng pagbagsak ng negosyo. *(Resulta: bubuo ang kliyente ng limited company at magpapatong ng garantiya laban sa mga pag-aari ng kumpanya.)*

Isang kliyente ang naghikahos at hindi makabayad ng student loan. *(Resulta: magdedeklara ng bankruptcy ang kliyente at iaayos ang bagong pamamaraan at panahon ng pagbabayad ng utang.)*

Ano ang ACCESS JUSTICE?

Ang Western Canada Society to Access Justice ay isang non-profit society na itinatag nuong 1990. Ang layunin ng mga director at mga boluntaryong abogado ng Access Justice ay katarungan para sa mga walang kakayahang magbayad ng serbisyo ng abogado. Ang libreng lugar na pinagmimiting ng kliyente at abogado ay kaluob ng mga samahang sibiko, simbahan, at hukuman. Ang Access Justice ay suportado ng hukuman at mga abogado. Daan-daang abogado ang tumutulong na palakarin ang programa ng Access Justice. Ang pananalapi ng Access Justice ay galing sa mga abogado, Vancouver Bar, at Law Foundation.

Ano ang mga layunin ng ACCESS JUSTICE?

- Magbigay ng pinakamahusay na serbisyong ligal sa mga Western Canadians na walang kakayahang magbayad ng serbisyo ng abogado
- Paunlarin ang prinsipyo na ang bawat Canadian ay may karapatang magkaruon ng katarungan, mahirap man o mayaman.
- Mapabuti ang pagkilala ng mga mamamayan sa mga abogado



**ACCESS
JUSTICE**
(Filipino/Tagalog)

Kailangan Mo Ba Ng Walang Bayad Na Payo Ng Abogado?

Mga Panuntunan Sa Serbisyong Ligal

**Access Justice Hotline: 604.878.7400
1-87-PRO BONO-4-U (1-877-762-6664)**

Web site: www.accessjustice.ca

Email: help@accessjustice.ca

Fax: 604.324.1515

Anu-anong mga kaso ang maaaring ihingi ng tulong sa ACCESS JUSTICE?

Ang mga klinikang ligal ay humahawak ng maraming kaso tulad ng:

- Motor vehicle claim
- Personal Injury
- Civil Court Procedures
- Financial suits
- Family (in Supreme Court)
- Small Claims
- S.C.Chambers Applications
- Debt Problems
- Criminal
- Contracts
- Immigration
- Bankruptcy
- Small Business
- Wills
- Mediations
- Residential Tenancy

Ano ang pamamaraan ng pagkuha ng tulong sa ACCESS JUSTICE?

- Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na samahang kumakatawan sa **ACCESS JUSTICE** (tingnan ang kalakip na listahan)
- Maghandang magbigay ng kinakailangang impormasyon na nakalista dito
- Ilista at tandaan ang inihandang panahon at lugar ng pulong o miting sa abogado.
- Kumpirmahin ang detalye ng inyong pulong o miting isang araw bago ito ganapin.
- Huwag liliban sa itinakdang pulong o miting at siguraduhing makapunta sa takdang araw at oras. Mahalaga ang oras ng inyong abogado at ang takdang araw at oras ay hindi na maaaring gamitin pa upang makipag-pulong sa ibang kliyente.

Ano ang kinakailangan mong ihanda para sa pulong o miting?

- Numero ng telepono at tirahan.
- Mga detalye ng iyong kabuhatan at detalyeng pinansiyal
- Uri ng ligal na paksa (criminal, family, immigration, civil, etc.)
- Sinulat na sanaysay ng iyong sitwasyon at mga katanungan ukol dito
- Dalhin lahat ng mahahalagang papeles tungkol sa iyong kaso o problema, tulad ng mga papeles mula sa korte o mga sulat.

Kung kasong kriminal ang nais mong ikunsulta:

Kunin ang kinakailangang police record sa Provincial Court House at dalhin sa pulong o miting sa abogado ng Access Justice.

Ang Access Justice ay may karapatang tumanggap magbigay ng serbisyong ligal, bagaman bihira itong mangyari.

Ano ang maaari ninyong asahan mula sa ACCESS JUSTICE?

- Tatlung minutong (30) pulong o miting sa isang abogado
- Kwalipikadong abogado
- Ang hindi pagsisiwalat ng personal na detalye at pangyayari, o confidentiality
- Mga susunod na pulong o miting sa abogado, kung kinakailangan
- Mga sinulat na payong ligal, kung kinakailangan
- Ang mga abogado ng Access Justice ay hindi haharap sa korte para sa kliyente, subalit hinahanda nila ang kliyente ng Access Justice sa pagharap sa korte.